Naglabas ang Johnson & Johnson ng Pahayag tungkol sa Hatol ng Depensa noong Oktubre 9 sa California

Oktubre 9, 2019

New Brunswick, NJ - Nakikisimpatiya kami sa sinumang may kanser, at nauunawaan naming naghahanap ng mga kasagutan ang mga pasyente at kanilang mga pamilya. Tama ang hurado — hindi naglalaman ng asbestos ang Johnson's Baby Powder at hindi ito ang sanhi ng karamdaman ng nagdemanda. Ito ang pampitong hurado na naghatol na pabor sa Johnson & Johnson, at mas mahalaga, ang lahat ng hatol na laban sa Kumpanya na dumaan sa proseso ng pag-apela ay nabaliktad. Ang naging desisyon ngayong araw, at ang track record sa paglilitis na ito, ay naaayon sa ilang dekada ng klinikal na katibayan at siyentipikong pag-aaral ng mga eksperto sa medisina sa buong mundo na sinusuportahan ang kaligtasan ng Johnson's Baby Powder.

###